

# “Pagpalitada at panghuling gawain sa loob ng konstruksiyon”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

## Mga hakbang kontra sa asbestos sa mga gusali

### (1) Ano ang asbestos?

Ang asbestos ay isang uri ng natural na ginawang mineral. Ang asbestos ay ginagamit noon para sa mga iba't ibang gamit dahil sa mga katangian nito na tulad ng hindi tinatablan ng init o friction, ang malaking kantidad ay ginagamit noon bilang mga materyales na pantayo ng gusali.

**Coating na hindi tinatablan ng apoy na steel frame**



Ginamit para sa hindi tinatablan ng apoy na steel frame

**attic**



Iniiwas nito ang kondensasyon ng hamog sa attic, ginamit para sa pangtemperaturang insulasyon Kapinuhan ng felt

**Board na pangkisame**



Ginamit sa pang-absorba ng tunog Mga asbestos na nagtataglay ng rock wool

## (2) Mga pinsala sa kalusugan dulot ng asbestos

Tungkol sa pinsala sa katawan ng tao, ang pagkakalanghap ng alikabok ng asbestos ay maaaring magdulot ng mga sumusunod na problema sa kalusugan.

- **Asbestosis (isang uri pneumoconiosis)**

Ang asbestosis ay pulmonary fibrosis at may mga sintomas na tulad ng mga ubo, ito ay sanhi ng pagbagsak ng paggana ng respiratoryo kung lumala.


- **Kanser sa baga**

Kanser na tumor na umaapekto o lumalaki sa mga baga.

- **Mesothelioma sa pleura o peritoneum (isang uri ng kanser)**

Kanser na tumor na lumalaki sa pleura na bumabalot sa mga baga.

### Mga pangunahing karamdamang na dulot ng asbestos



### (3) Asbestos sa paligid namin

May maraming gusaling ginamitan ng asbestos, lalong-lalo na sa mga gusaling naitayo noong 1980, at ang mga gusaling may mga kusina, banyo, kuwartong patuyuan, kuwarto ng boiler, atbp.

#### <Mga halimbawa ng component ng gusali>

bobida/dingding: mga materyales na panloob	slate board, calcium silicate board Klase 1, pulp cement flat sheet
bobida/sahig: Mga materyales na nag-absorba ng ingay at insulasyon ng init	Asbestos na nagtataglay ng rock wool na nasa ceiling board na nag-absorba ng ingay
materyales ng sahig:	mga tile sa sahig na polyvinyl chloride, mga materyales sa sahig
dingding/eave sa labas: cladding	sementong panel na extrusion-molded, ceramic siding, slag gypsum board, slate board, wavy slate plate, calcium silicate board Klase 1, slate board
materyales sa bubong:	wavy slate plate, pampalamuting slate sheet para sa bubong ng bahay


#### Mga imahe ng paggamit ng asbestos sa mga gusali

**Coating na hindi tinatablan ng apoy na steel frame**



Para sa hindi tinatablan ng apoy na steel frame

**Materyales para sa dingding sa labas (yero)**



Pangpatibay ng dingding sa labas

**Pantubong elbow**



Para sa insulasyon ng tubo

**Materyales para sa sahig ng tubig**



Para hindi tablan ng tubig ang sahig



#### (4) Paraan ng pagtrabaho dito (pang-iwas ng paglabas ng alikabok)

##### <Pagkalas gamit ang mga kamay>

Ang mga namoldeng plate na nagtataglay ng asbestos ay tinatangal sa paraang hindi nakakasira o nababasag hangga't maaari. Sa prinsipyo, ang mga ito ay tinatangal sa pamamagitan ng mga kamay, nang pinapanatili ang orihinal na porma. Kung hindi puede, kinakailangan sapat ang pagkakabasa nito at kolektahin ang alikabok sa pamamagitan ng paggamit ng napakahusay na vacuum cleaner.



##### <Pagbasa>

Sa pangkalahatan, ang gawain ay isinasagawa habang binabasa ng tubig o pag-spray ng mga kemikal.





## (5) Pagkuha ng natatanging edukasyon at instruksiyon ng isang namumuno sa operasyon ng asbestos

**<Pagkuha ng natatanging edukasyon>**

Ang mga taong nagtatrabaho sa konstruksiyon tulad ng demolisyon at renobasyon ng mga gusali at istraktura, o mga pagtaglay ng asbestos at pagkukulong na gawain ay dapat na may natatanging pagsasanay sa pinsala ng asbestos at paggamit ng pamproteksiyong kagamitan.

**<Pagkuha ng natatanging edukasyon at instruksiyon ng isang namumuno sa operasyon ng asbestos>**

Ang mga taong nagtatrabaho sa konstruksiyon tulad ng demolisyon at renobasyon ng mga gusali at istraktura, o mga pagtaglay ng asbestos at pagkukulong na gawain ay dapat na may natatanging pagsasanay sa pinsala ng asbestos at paggamit ng pamproteksiyong kagamitan.

## (6) Paggamit ng pamproteksiyong kagamitan


Kung nagtatrabaho ng tulad ng pagbaklas ng gusali (kasama na ang trabahong isinasagawa para tanggalin ang asbestos), o pagtambak o pagkulong, gumamit ng kagamitang pamproteksiyon sa respiratoryo (respirator para sa alikabok, mga air feeding mask, atbp.) kasuotang pangtrabaho o pamproteksiyong kasuotan.

Kung nagtatanggal ng asbestos na inis-spray sa isang naihiwalay na lugar ng trabaho, ang respirator dapat ang pamproteksiyon ng respiratoryo gamit ang isang electric fan o isang respirator na may katumbas ang husay o mas mahusay pa.



## (7) Pagbawal sa mga taong hindi awtorisado

Ang mga lugar ng trabaho na may paghawak ng asbestos at ipinagbawal ang pagpasok ng mga tao maliban sa mga may kaugnayan dito, ang mga karatula ay kailangan nakakabit sa mga nakikitang lugar.



## (8) Pagbabawal ng paninigarilyo, atbp. at mga medikal na eksaminasyon

### <Pagbabawal ng paninigarilyo, atbp.>

Ang paninigarilyo, pagkain, at pag-inom ay ipinagbabawal sa mga lugar ng trabaho na pinaggagamitan ng asbestos.



### <Implementasyon ng pagsusuri ng kalusugan>

Ang mga taong patuloy na nagsasagawa ng mga gawain kung saan lumilikha ng alikabok ng asbestos ay dapat na makatanggap ng natatanging pagpapasuri ng kalusugan kaugnay ng asbestos pagkatapos na pagkatapos o sa loob ng kada anim na buwan ng pagtrabaho o pagkakalipat.

